British Columbia's
Office of the Human Rights
Commissioner

# *Ang Human Rights Code (Kodigo ng mga Karapatang Pantao)* ng B.C.: Housing (Pamamahay)

Mga Pangalan ng Presenter



# Agenda

- Pambungad at mga introduksyon
- Introduksyon sa *Human Rights Code (Kodigo ng mga Karapatang Pantao* ng B.C. (ang *Code)*
- Ang pamamahay bilang isang protektadong aspekto
- Mga tunay na buhay na kuwento mula sa Tribunal
- Q&A - katapusan

**Paalala: Kami ay nagbibigay ng impormasyon para sa publiko; hindi ito legal na payo.*

# Mga Layunin sa Pag-aaral

Pagkatapos ng session na ito ay magagawa mo ang sumusunod:

- mapapansin mo ang *Human Rights Code* ng B.C. sa ibang mga batas ukol sa human rights
- malalaman mo ang mga salitang ginagamit sa sistema ng human rights sa B.C.
- maa-identify mo ang diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code* ng B.C.
- makikilala mo kung aling mga protektadong personal na katangian ang magagamit para mag-reklamo hinggil sa human rights



# Kami ay ang...


**Office of the Human Rights Commissioner ng BC**

Kami ay ibinalik noong 2019 pagkatapos mawala nang 17 taon.

**Mayroon kaming staff sa...**

Prince George, Kelowna, Vancouver at Victoria

British Columbia's
Office of the Human Rights Commissioner



# Ang Aming Mandato

*Upang tugunan ang mga sanhi ng hindi pagkakapantay-pantay, diskriminasyon, at kawalan ng katarungan sa B.C. sa pamamagitan ng pagbabago ng mga batas, mga patakaran, mga praktis, at mga kultura. Ginagawa namin ang trabahong ito sa pamamagitan ng edukasyon, research, advocacy, pagtatanong, at pagsusubaybay.*

*Retrato: Kasari Govender, ang BC Human Rights Commissioner*

## Human Rights sa B.C.



### BC Human Rights Clinic (at iba pa)

Ay tumutulong sa mga indibidwal na magreklamo sa harap ng Tribunal



### Ang BC Human Rights Tribunal*

Ay nakikinig at nagpapasiya tungkol sa mga reklamo mula sa mga indibidwal



### Ang Office of the Human Rights Commissioner ng BC

Ay tumutugon sa mga sanhi ng diskriminasyon

* Kung ikaw ay miyembro ng isang unyon at nakaranas ka ng diskriminasyon sa trabaho, mainam kung kakausapin mo ang iyong unyon tungkol dito. Ang mga unyon ay makakatulong sa mga empleyado na maghain ng mga karaingan tungkol sa mga isyu sa human rights.

# Ang iyong mga tungkulin bilang housing provider

Bilang isang housing provider, mayroon kang tungkuling itaguyod ang Human Rights Code ng B.C.





# Human Rights 101 video




https://www.youtube.com/watch?v=-1Kxw5g-TMc

# Ang tatlong level ng human rights



# Saan ba ako protektado?

## Mga Aspekto

Pinagbabawalan ng *Code* ang diskriminasyon sa ilang takdang **mga aspekto** ng pang-araw-araw na buhay.



# Ano ang protektado?

## Mga Katangian

Sa loob ng ganoong **mga aspekto** ay labag sa batas na magdiskrimina sa isang tao dahil sa **mga** personal na **katangian**.

## Pagtratrabaho



## Mga Serbisyo



Edad, Mga Kriminal na Pagkakasala,
Gender Identity o Expression,
Family Status, Marital Status
Mga Ninuno, Kulay, Bansang Pinanggalingan, Lahi, Pangkaisipang Kapansanan,
Pangkatawang Kapansanan,
Kasarian, Sekswal na Oryentasyon,
Pinagmumulan ng Kita, Identidad bilang Indigenous
Politikal na Paniniwala, Relihiyon

## Pamamahay



## Mga Publikasyon



| *HUMAN RIGHTS CODE NG BC* | Pagtratrabaho | Mga Serbisyo | Pamamahay – pag-upa | Pamamahay - pagbili |
|---|---|---|---|---|
| Marital Status | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Relihiyon | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Gender Identity / Expression | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Mga Ninuno | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Kulay | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Bansang Pinanggalingan | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Lahi | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Kapansanan | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Kasarian | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Sekswal na Oryentasyon | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Identidad bilang Indigenous | ✓ | ✓ | ✓ | ✓ |
| Edad | ✓ | ✓ | ✓ | |
| Family Status | ✓ | ✓ | ✓ | |
| Mga Kriminal na Pagkakasala | ✓ | | | |
| Politikal na Paniniwala | ✓ | | | |
| Legal na Pinagmumulan ng Kita | | | ✓ | |

# Q&A na Paalala

# Ano ang diskriminasyon?

Ito'y tumutukoy sa **nakapipinsalang pagtrato** hinggil sa isang personal na katangian.

Ang isang tao ay nadidiskrimina sa ilalim ng *Human Rights Code* ng B.C. kapag totoo ang lahat ng mga sumusunod:

1. mayroon siyang (mga) personal na katangian na protektado sa ilalim ng Code
2. nakaranas siya ng pinsala (tinatawag ding “adverse impact”)
3. ang kanyang (mga) personal na katangian ay isang factor sa pinsala

# Ano ang hindi diskriminasyon?

Bagamat ang diskriminasyon ay tumutukoy sa **nakapipinsalang pagtrato,** ang bawat pagkakaiba sa pagtrato ay hindi maituturing na nagdidiskrimina.



# Katuwiran para sa housing providers

Maaaring bigyang-katuwiran ng isang housing provider ang isang kilos na mukhang nagdidiskrimina kapag pinatunayan niya na ang tatlong sumusunod na bagay ay totoo:

- Ang ginawang kilos ay may lehitimong layunin na may kinalaman sa housing o sa pagnenegosyo
- Ginawa niya ito dahil akala niya na ito'y kinakailangan upang makamit ang kanyang layunin
- imposibleng mag-accommodate nang hindi nagkakaroon ng labis na kahirapan

# Ang tungkuling mag-accommodate

Dalawang mahalagang prinsipyo:

- Ang tungkuling gawin ang lahat ng makatwirang magagawa upang tanggalin ang mga barrier nang ang mga táong gumagamit ng iyong serbisyo ay pantay-pantay na makakalahok

- Ang tungkuling magtanong



# Ang labis na kahirapan

...ay kung saan ginawa ang lahat ng makatwirang maaaring gawin,

at

hindi makatwirang maaasahang gumawa pa ng ibang bagay ang housing provider.



# Mga Remedyo



Ang isang remedyo ay isang uri ng kabayaran — at hindi lamang pera — kapag ang isang tao ay matagumpay na nakapagreklamo hinggil sa human rights.

# Mga tunay na buhay na kuwento mula sa Tribunal

# Natatandaan mo ba kung paano mag-identify ng diskriminasyon?

Ang isang tao ay nadidiskrimina sa ilalim ng *Human Rights Code* ng B.C. kapag totoo ang lahat ng mga sumusunod:

1. mayroon siyang (mga) personal na katangian na protektado sa ilalim ng Code
2. nakaranas siya ng pinsala (tinatawag ding “adverse impact”)
3. ang kanyang (mga) personal na katangian ay isang factor sa pinsala



# Case scenario #1: Ang washing machine

- Si Samir ay may kondisyon sa tiyan at ilang taon na niya ito nararanasan.
- Dahil dito ay kailangan niya ng mainit na tubig para sa kanyang laundry.
- Si Samir ay umuupa at ang laundry ay kasama sa kanyang apartment rental.
- Tumigil ang mainit na tubig sa kanyang washer at ang tubig ay may masamáng amoy.
- Tiningnan ng kanyang landlord ang washing machine kasama ng isang technician at napansin nito na ang washing machine ay walang function para painitin ang tubig.
- Isiniwalat ni Samir ang kanyang medikal na kondisyon at na kailangan niya ng mainit na tubig upang i-sanitize ang kanyang mga kasuotan; nirequest niya ang landlord na maglaan ng washing machine na makakagamit ng mainit na tubig.
- Ayaw ito gawin ng landlord at sinabi niya na gumagana ang washing machine at ang ibig sabihin ng pagiging sapat na malinis ay iba-iba para sa iba't-ibang mga tao.
- Nakahanap si Samir ng pinagbibiling washing machine na nakakapaglaba gamit ang mainit na tubig at nirequest niya ang landlord na tanggalin ang lumang washing machine mula sa kanyang unit.
- Hindi pumayag ang landlord.

# Case scenario #2: Smudging

- Si Frances ay isang Indigenous na babae.
- Ang smudging ay bahagi ng kanyang spiritwal na praktis at identidad bilang Indigenous.
- Upang mag-smudge, sinisindihan niya ang sage sa isang abalone shell at pinapaypayan niya ito gamit ang isang balahibo ng agila upang gumawa ng usok.
- Siya ay umuupa mula kay Sarah ng isang basement suite sa isang four-suite duplex.
- Si Sarah ay nasa unit sa ibabaw ni Frances at isang araw ay napansin niya ang amoy na nanggagaling sa suite ni Frances, at akala niya ay ito ay marijuana.
- Kinausap ni Sarah si Frances at sinabi sa kanya ni Frances na siya ay nagprapraktis ng smudging at kung bakit.
- Hindi naniwala si Sarah at sinabi niya na kahit nagprapraktis ng smudging si Frances ay masyadong malakas ang amoy at maaari nito maabala ang ibang tenants.
- Patuloy na nagpraktis ng smudging si Frances at sinubukan ni Sarah na paalisin siya.
- Hindi napaalis ni Sarah si Frances, pero lumipat si Frances oras na siya'y nakahanap ng bagong lugar.

# Case scenario #3: Ang Airbnb

- Si Dave ay may-ari ng isang unit sa Strata complex.
- Siya'y tumatanggap ng disability assistance at nais niyang paupahan ang kanyang pangalawang bedroom sa Airbnb para madagdagan ang kanyang kinikita.
- Nagreklamo ang isang kapitbahay dahil ang praktis na ito ay labag sa bylaws ng Strata.
- Sinubukang magmungkahi si Dave ng isang resolusyon para baguhin ang bylaws pero hindi ito pumasa.
- Sa kahulihan ay nag-request si Dave na makatanggap ng eksempsiyon dahil siya'y gipit sa pera.
- Tinanggihan ng Strata ang kanyang request para sa isang eksempsiyon dahil sabi nito na hindi man daw niya naipakita na siya'y gipit sa pera.
- Sinabi rin ng Strata na "halos lahat ay hindi pumapayag" na magkaroon ang ibang mga may-ari ng Airbnb sa building.

# Ano ang sinakop natin

- binigyang-pansin ang *Human Rights Code* ng B.C. sa ibang mga batas ukol sa human rights
- binanggit ang mga salitang ginagamit sa sistema ng human rights sa B.C.
- inidentify ang diskriminasyon sa ilalim ng *Human Rights Code* ng B.C.
- kinilala kung aling mga protektadong personal na katangian ang magagamit upang mag-reklamo tungkol sa human rights

# Q & A

British Columbia's
**Office of the Human Rights Commissioner**

# Maraming salamat po!

Bisitahin ang **bchumanrights.ca** para sa karagdagang resources o kaya'y hanapin kami sa social media **@humanrights4bc**

**Padalhan kami ng email:**
info@bchumanrights.ca